


# MALAY

TOMO XXXVI BLG. 2 • HUNYO 2024

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

Karapatang-ari © 2023 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, o kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN: 0115-6195

Published and distributed by
De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, 0922 Manila, Philippines
Telefax No. (+63 2) 8523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Website: https://www.dlsu.edu.ph/research/publishing-house/journals/malay/

*Ang De La Salle University Publishing House*
*ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

**Halaga ng Taunang Subskripsyon:** Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US$40 (surface mail), US$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US$25 (surface mail), US$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,800/Isahan: PhP1,500. Makipag-ugnayan kay *Joanne T. Castañares* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

## Mga Editor

**Florentino T. Timbreza**
*Honorary Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Rowell D. Madula**
*Punong Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Dolores R. Taylan**
*Tagapamahalang Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

## Internasyonal na Lupon ng mga Editor

**Aurelio S. Agcaoili**
*University of Hawaii Manoa, USA*

**Joi Barrios-Leblanc**
*University of California, Berkeley, USA*

**Aurora E. Batnag**
*Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink., Pilipinas*

**Arthur P. Casanova**
*Komisyon sa Wikang Filipino, Pilipinas*

**Antonio P. Contreras**
*Unibersidad ng Pilipinas–Los Baños, Pilipinas*

**Rommel A. Curaming**
*Universiti Brunei Darussalam, Brunei*

**Feorillo Petronilo A. Demeterio**
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

**JC Gaillard**
*The University of Auckland, New Zealand*

**Roberto E. Javier**
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

**Jovy M. Peregrino**
*Unibersidad ng Pilipinas–Diliman, Pilipinas*

**E. San Juan Jr.**
*Philippine Cultural Studies Center, University of Connecticut, USA*

**Bernardo N. Sepeda**
*National Research Council of the Philippines, Pilipinas*

**Rolando B. Tolentino**
*Unibersidad ng Pilipinas–Diliman, Pilipinas*

**Jose Victor Z. Torres**
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

**Tereso S. Tullao Jr.**
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

**Nelson N. Turgo**
*Cardiff University, United Kingdom*

MALAY

# Mga Nilalaman


MULA SA EDITOR

**Rowell D. Madula** vii
**Dolores R. Taylan**

MGA NATATANGING LATHALAIN

Pagkakawalay Pampolitika at Kawalan ng Kapangyarihan: Politika't Pagkamamamayan sa Pilipinas / 1
*Political Alienation and Disempowerment: Politics and Citizenship in the Philippines*
**Anthony Lawrence A. Borja**

Maria Timbang Palo: Pabirik na Kuwento ng Camarines Norte / 18
*Maria Timbang Palo: Mining the Folktales of Camarines Norte*
**Paz Verdades M. Santos**

Apolinario Mabini — Diyalektika ng Representasyon at Pahiwatig sa Buhay at Gawa ng "Dakilang Lumpo" / 26
*Apolinario Mabini — Dialectic of Representation and Symbolism in the Life and Works of the Sublime Paralytic"*
**E. San Juan, Jr.**

Ang Karanasan ng mga Piling Dalubguro ng PUP Departamento ng Kasaysayan sa Pagtuturo ng Asignaturang Readings in Philippine History sa Panahon ng Pandemya / 45
*The Experience of Selected Faculty of the PUP Department of History in Teaching Readings in Philippine History Course During the Pandemic*
**Kevin Paul "Ose" D. Martija**

Ang mga Nagbubukod at Nagbubuklod na Katangian ng Center for Kapampangan Studies (CKS): Translokalidad at Daynamiks ng Araling Kapampangan at Nagsasariling Araling Filipino / 57
*Convergent and Divergent Features of the Center for Kapampangan Studies (CKS): Translocality and Dynamics of Kapampangan Studies and Autonomous Philippine Studies*
**Randy T. Nobleza**

Ang Gen Z sa Usaping Sex… Bisyo… Barkada… Mga Kaalaman, Karanasan, at Kaisipan ng mga Piling Mag-aaral sa Kolehiyo / 73
*The Gen Z on Sex... Vices... Friendship... Knowledge, Experiences, and Stands of Selected College Students*
**Reneille Joy M. Tayone**

MGA KONTRIBYUTOR 91
PANAWAGAN PARA SA KONTRIBUSYON SA MALAY 93

# Mula sa Editor

Nitong mga nakaraang linggo, binulabog tayo ng mga nagsulputang isyung panlipunan at politikal tulad ng usapin sa pagsasabatas ng diborsiyo, PDEA leaks, ang pagkakasangkot ng isang alkalde ng bansa sa operasyon ng POGO, ang pagpapalit ng panguluhan sa senado, pagbabalik ng pagdinig sa human rights at EJK sa mababang kapulungan, ang patuloy at lumalalang panggigipit sa ating mga mangingisda at militar sa West Philippine Sea, at iba pa.

Kapansin-pansing hindi katulad ng mga nagdaang panahong tila walang pakialam ang mas nakararaming Pilipino sa ganitong mga usaping pambayan, ngayon ay aktibo silang nakikisangkot dahil sa malawakang paggamit ng wikang Filipino sa pagbabalita sa radyo, telebisyon, at iba pang social media platform. Wikang Filipino rin ang maririnig na ginagamit sa mga pagdinig ng mga isyung ito sa mababa at mataaas na kapulungan. Patunay lamang ito na kapag nauunawaan ng mga mamamayan ang mga nangyayari sa bayan, nagkakaroon sila ng interes na makisangkot at nawawala ang madalas na katwiran kapag wikang Ingles ang gamit sa usapan na, "wala akong pakialam d'yan, wala naman akong naiintindihan, sila-sila rin ang nagkakaintindihan."

Minemenos ba natin ang paggamit ng wikang Ingles? Hindi. Binibigyang-halaga lamang natin ang bisa ng gamit ng wikang Filipino sa pagtalakay sa mga isyu at usaping pambayan at kung gaano ito kaepektibo sa paghikayat sa mga mamamayan na makisangkot at magkaroon ng pakialam sa mga nangyayari sa bayan. Adhikain natin ang mabilis na pagresolba sa mga isyu, usapin, at problemang humahadlang sa ating pag-unlad sa sama-samang pagkilos at pagtutulungan ng mga mamamayang nagkakaunawaan at binubuklod ng wikang nauunawaan ng lahat.

Sa panahong niliASigalig tayo ng maraming mga isyung panlipunan at politikal, lalo't higit natin dapat pagsikapang magsulat ng mga saliksik sa wikang Filipino. Mga pananaliksik na hindi lamang nagpapataas sa antas ng kamalayang panlipunan ng mga mambabasa kundi nagbubukas ng kanilang isipan na hindi nakatutulong sa bayan ang pagwawalambahala at pagbibingi-bingihan.

Sa isyung ito ng *Malay*, matutunghayan natin ang mga artikulong nagpapatunay ng kakayahan at bisa ng wikang Filipino, hindi lamang bilang wika sa midya, sa lipunan, at politika, kundi bilang wikang nagpapakilos at nagsusulong ng kapakanan ng mga mamamayan at ng bayan.

Nakasentro ang papel ni **Anthony Lawrence A. Borja** sa pagdalumat sa pagkawalay pampolitika, na kaniyang salin sa konsepto ng *political alienation*. Pinalutang sa papel ang ugnayan ng kapangyarihan at pagkawalay pampolitika sa paglahok sa halalan ng mga Pilipino at usapin ng demokratisasyon. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pag-unawa sa mga gawi at retorika ng mga mamamayan at ang pangangailangan sa pagsasakapangyarihan ng kanilang pagkamamamayan. Sa papel na ito, mababasa natin ang matalas na pagsusuri sa mga datos na nagpapalitaw ng mga sulirang panlipunan lalo na sa bansang malinaw ang pagkakahati ng mga mamamayan batay sa kanilang kapangyarihan.

Itinatampok naman sa papel ni **Paz Verdades M. Santos** ang dalawang kuwentong bayan ng Camarines Norte na mahalagang ambag sa pagtalakay ng ugnayan ng panitikan sa kasaysayan, kaakuhan, kapaligiran, pananampalataya at iba pang usaping pambayan. Gamit ang talinghaga ng pabirik, sinubukang taluntunin ng papel ang pagbabago sa mga naratibo at maging sa mga tauhan sa mga kuwentong bayan dahil na rin sa impluwensiya partikular ng simbahan. Isa sa mga natatanging direksiyon ng pagbasang ito ng mga kuwentong bayan ay ang pag-uugnay nito sa patuloy na kahirapang nararanasan ng maraming mamamayan ng bayan.

Sa papel naman ni **E. San Juan Jr.,** sinuri ang talambuhay at mga akda ni Apolinario Mabini, at pinalitaw ang kaniyang diskursong politikal gamit ang lente ng materyalismong historikal. Mula sa pagdalumat sa sabjek ng katawan hanggang sa espasyong kinalalagyan nito sa ating kasaysayan at rebolusyon, mas malawak na pag-unawa sa naging ambag ni Mabini at ng mga kakabit na pananaw sa kaniyang imahen ang ipinahahayag ng papel. Maraming pagpupugay na ibinibigay kay Mabini, subalit sa papel na ito, ipinakita ang mga kontradiksiyong kinaharap ng buhay at mga akda ni Mabini. Binibigyang-diin na ang naging papel ni Mabini sa pakikibaka at rebolusyon ay repleksiyon ng mga transisyonal na proseso ng pagbabago sa isang tiyak na panahon sa ating kasayayan.

Naging mapanghamon ang ilang taong pandemya sa iba't ibang aspekto ng ating buhay, lalo na sa edukasyon. Sa papel ni **Kevin Paul "Ose" D. Martija**, ibinahagi niya ang naging karanasan at pagtugong isinagawa ng ilang guro mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas na nagtuturo ng Readings in Philippine History. Para sa isang kursong nagtatangkang ipaunawa ang mga aral at diskurso ng kasaysayan, at ituro ito sa panahong inaasahang magiging mahalagang bahagi ng kontemporanyong kasaysayan, inilahad ng mga guro ang kanilang mga problemang kinaharap mula sa resorses, polisiya, teknolohiya, at maging sa kaalaman at kakanyahan ng mga estudyante. Mahalagang ambag ang papel na ito pag-alam sa naging epekto ng pandemya sa sektor ng edukasyon ng bansa.

Isa sa mga institusyon sa pagsusulong ng lokal na pag-aaral ang Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies na siyang naging tuon ng pag-aaral ni **Randy T. Nobleza**. Mula sa pag-uugat ng araling pampook bilang erya ng pag-aaral na nagbubukod at nagbubulod ng mga katangian ng lokal at pambansang produksiyon ng kaalaman, hanggang sa pag-unawa sa daynamiks ng lokal at pambansa gamit ang konsepto ng translokalidad, naipakita sa papel ang mahalagang ambag ng mga institusyong nagtataguyod ng pag-aaral ng isang bayan. Bukod sa pagsisinop at pagkokolektang ito, binigyang-diin din sa papel ang kahalagahan ng pagpapalaganap ng mga ito sa mas malawak na bilang ng mga mamamayan gamit ang makabagong midya at teknolohiya.

Samantala, sa papel naman ni **Reneille Joy M. Tayone** ay itinanghal ang mga pananaw at karanasan ng mga piling kabataan o yaong nabibilang sa Gen Z sa Maynila sa mga usapin ng sex, bisyo, at barkada. Mula sa kanilang mga karanasang romantiko at pakikipag-ugnayan sa kapuwa, isang mayamang batis ng datos ang ibinahagi ng mga kalahok sa pag-aaral. Makikita sa papel kung bakit itinuturing na *digital natives* ang henerasyon na ito ng mga kabataan dahil sa malaking impluwensiya ng teknolohiya sa pagbuo ng kanilang identidad. Napakahalaga ng pag-aaral na ito para unawain ang mga gawi at pananaw ng mga kabataan sa kasalukuyan nang sa gayon ay malaman kung paano sila ituturing at pakikitunguhan.

Sa bagong isyung ito ng *Malay*, higit na napatutunayan ang kahalagahan ng pananatili ng paggamit at pagtalakay ng wikang Filipino bilang batis ng diskurso ng kasaysayan, kaakuhan, kamalayan, at panitik ng mga Pilipino. Bilang pangwakas ay muli't muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga nailathalang artikulo sa kasalukuyang isyu—si Bb. Joanne Castañares.

Rowell D. Madula
*Punong Editor*

Dolores R. Taylan
*Tagapamahalang Editor*